

**Ika-18 ng Oktubre, 2026 – Ika-Dalawamput Siyam na
Linggo sa Karaniwang Panahon (Taon A)**

Is 45:1, 4–6; 1 Tes 1:1–5b; Mt 22:15–21

PANIMULA

May kuwento tungkol sa isang tagapag-alaga ng parola na tapat na nagsisindi ng ilawan tuwing gabi upang ligtas na makadaan ang mga barko sa mapanganib na karagatan. Isang gabi, maraming tao ang lumapit sa kanya upang humingi ng langis: kailangan ito ng isang kapitbahay para sa kanyang lampara, ng isa pa para sa pagluluto, at ng isa pa upang magpainit. Sa hangaring tulungan ang lahat, namigay siya ng kaunting langis sa buong maghapon. Pagsapit ng gabi, wala nang natirang sapat na langis para sa ilawan ng parola, at ilang barko ang bumangga sa mga bato sa dilim. Kinaumagahan, umiyak ang tagapag-alaga at sinabi, “Nakalimutan ko ang una kong tungkulin.”

Sa mga pagbasa ngayon, ipinapaalala sa atin ang ating unang tungkulin: ang maging sa Diyos higit sa lahat. Patuloy na hinihingi ng mundo ang ating katapatan—

politika, kayamanan, tagumpay, opinyon ng publiko, at pansariling ambisyon. Gayunman, ipinahahayag ng Panginoon sa pamamagitan ni Isaias: “Ako ang Panginoon, wala nang iba.”

Hinahamon din tayo ni Hesus sa Ebanghelyo. “Ibigay kay Cesar ang kay Cesar, at sa Diyos ang sa Diyos.” Taglay ng salapi ang larawan ni Cesar, ngunit taglay natin ang larawan ng Diyos. Kaya, ang ating pinakamalalim na katapatan ay hindi nauukol sa mga kapangyarihan sa lupa, kundi sa Panginoon lamang.

Sa ating pagharap sa Diyos sa Eukaristiyang ito, humingi tayo ng kapatawaran sa mga pagkakataong hinayaan nating mamayani sa ating mga puso ang ibang tinig nang higit sa katotohanan at pagmamahal ng Diyos. Ihanda na natin ngayon ang ating sarili sa pagdiriwang ng mga banal na hiwagang ito.

HOMILIYA

Minsang sinamahan ng isang batang lalaki ang kanyang lolo upang bumoto noong halalan. Pauwi na sila nang itanong niya, “Lolo, sino ba talaga ang namamahala sa mundo? Ang mga pangulo ba, mga hari, mga mayayaman, o mga heneral?”

Ngumiti ang lolo at itinuro ang kalangitan sa gabi. “Kapag tinatakpan ng mga ulap ang araw, maaaring tila nawala na ito. Ngunit naroon pa rin ang araw sa itaas ng mga ulap, nagbibigay-liwanag at humahawak sa lahat ng bagay. Gayundin ang Diyos. Maaaring magmukhang makapangyarihan ang mga pinuno ng tao sa loob ng ilang panahon, ngunit sa wakas, ang kasaysayan ay pag-aari ng Diyos.”

Ang payak na pag-uusap na iyon ay tumatalakay sa kaibuturan ng mga pagbasa ngayon.

Parehong hinaharap tayo ng propetang si Isaias at ng Ebanghelyo sa iisang tanong: **Sino nga ba talaga ang naghahari sa ating buhay?** Kapangyarihang pampolitika ba? Pera? Opinyon ng publiko? Takot? Ideolohiya? O ang Diyos?

Isinusulat ng Diyos ang Kasaysayan sa mga Paraang Hindi Inaasahan

May kamangha-manghang bagay sa unang pagbasa mula kay Isaias. Tinawag ng Diyos ang haring Persyano na si Ciro na “kanyang pinahiran ng langis,” na sa literal ay “kanyang mesiyas.” Para sa bayan ng Israel, nakagugulat ito at tila eskandaloso. Hindi Judio si Ciro. Hindi niya sinasamba ang Diyos ng Israel. Gayunman, pinili siya ng Diyos bilang kasangkapan ng kaligtasan.

Upang maunawaan kung gaano ito kagulat-gulat, dapat nating alalahanin ang kalagayan ng Israel. Wasak na ang Herusalem. Guho na ang Templo. Hinila ang bayan patungo sa pagkatapon sa Babilonia. Tinuya sila ng kanilang mga kaaway: “Nasaan na ngayon ang inyong Diyos?” Pakiramdam ng Israel ay pinabayaan sila, talunan, at hinamak. Ang kanilang mga awit ay naging mga panaghoy. Pagkatapos, sa gitna ng kawalang-pag-asang ito, nagsalita ang Diyos sa pamamagitan ng propeta: “Masdan ninyo si Ciro. Gagamitin ko siya. Sa pamamagitan niya, palalayain ko kayo.”

At iyon nga mismo ang nangyari. Nasakop ni Ciro ang Babilonia at pinahintulutan niya ang mga Judio na umuwi at muling itayo ang Templo.

Ano ang kahulugan nito para sa atin?

Ibig sabihin, hindi kailanman nakukulong ang Diyos sa ating mga inaasahan. Maaari siyang kumilos sa pamamagitan ng mga tao, pangyayari, at sitwasyong hindi natin maisip kailanman. Hindi nakakulong ang Diyos sa mga simbahan o sakristiya. Siya ang Panginoon ng kasaysayan.

Minsang inalala ng isang mangangaral ang kanyang panalangin sa mismong tekstong ito noong panahon ng Digmaang Malamig noong 1984. Noon, tila hindi matitinag ang Unyong Sobyet, tila hindi matatalo ang komunismong ateista, at namuhay ang mundo sa ilalim ng takot. Habang nananalangin, may isang matapang na kaisipang sumibol sa kanyang puso:

“Kung nagamit ng Diyos ang paganong haring si Ciro, hindi ba niya mababago rin ang mga pinuno ng ating panahon?”

Sa loob ng maraming taon, nanalangin siya.

Pagkatapos ay dumating ang dramatikong mga pagbabagong walang sinumang nakahula: ang pagbagsak ng mga rehimeng komunista, ang muling pagbubukas ng mga simbahan, ang muling pagkatuklas ng pananampalataya ng milyon-milyon. Nagbago ang takbo ng kasaysayan sa mga paraang inakala ng mundong imposible.

Paulit-ulit na ipinaaalala sa atin ng Diyos: “Ako ang Panginoon, wala nang iba.”

Madalas tayong kumilos na para bang ang hinaharap ay ganap na nasa kamay ng mga pulitiko, ekonomista, kapangyarihang militar, o teknolohiya. Hinahamon ng mga pagbasa ngayon ang ilusyong iyon. Mahalaga ang mga pamahalaan. Mahalaga ang pananagutan ng tao. Ngunit ang huling salita ay nasa Diyos.

Ang Bitag na Inilatag kay Hesus

Sa Ebanghelyo, may ibang uri ng labanan sa kapangyarihan ang nagaganap.

Lumapit kay Hesus ang mga Pariseo at mga Herodiano na may tanong:

“Naaayon ba sa Batas na magbayad ng buwis kay Cesar o hindi?”

Mukha itong walang malisya, ngunit isa itong bitag.

Kung sasabihin ni Hesus na “Oo,” tatanggihan siya ng maraming Hudyo bilang kasabwat ng Roma. Kung sasabihin naman niyang “Hindi,” maaari siyang arestuhin bilang rebeldeng pampolitika.

Humingi si Hesus ng isang salapi. Habang itinataas ito, tinanong niya, “Kaninong larawan ito?”

“

Kay Cesar,” sagot nila.

Pagkatapos ay dumating ang tanyag na sagot: “Ibigay ninyo kay Cesar ang kay Cesar, at sa Diyos ang sa Diyos.”

Sa unang tingin, tila isa itong matalinong kompromisong pampolitika. Ngunit mas malalim ang sinasabi ni Hesus.

Taglay ng salapi ang larawan ni Cesar, kaya ibigay ang salapi kay Cesar.

Ngunit taglay mo ang larawan ng Diyos. Kaya, ibigay mo ang iyong sarili sa Diyos.

Iyon ang tunay na isyu.

Hindi lamang tungkol sa buwis ang sinasabi ni Hesus. tungkol ito sa katapatan. May limitadong karapatan ang mga awtoridad ng tao sa atin. Ang Diyos lamang ang may ganap na karapatan.

Rebolusyonaryo ito sa daigdig ng mga Romano dahil hinihingi ng emperador ang karangalang makadiyos. Hindi lamang buwis ang nais ni Cesar, kundi pagsamba. Ganap itong itinatanggi ni Hesus. Ang Diyos lamang ang karapat-dapat sa lubos na pagsuko ng puso ng tao.

At nagpapatuloy pa rin ang labang iyon ngayon.

Maaaring hindi na tayo sumasamba sa mga emperador, ngunit patuloy na hinihingi ng makabagong kultura ang ating lubos na katapatan: tagumpay, yaman, nasyonalismo, kasiyahan, ideolohiya, pagtanggap ng lipunan. Maraming tinig ang nag-aagawan sa ating mga puso.

Itinatanong sa atin ng Ebanghelyo:

Sino ang nagmamay-ari ng iyong pinakamalalim na katapatan?

Mga Tapat na Tanong at Mga Mapanlinlang na Tanong

Itinuturo rin sa atin ng Ebanghelyo ang tungkol sa paraan ng ating pagtatanong.

May mga tanong na tapat; naghahanap sila ng katotohanan. May iba namang itinatanong upang magpahiya, magbitag, o umatake lamang.

Minsang ikinuwento ng isang guro ang isang estudyanteng nagtanong:

“Kung makapangyarihan sa lahat ang Diyos, makalilikha ba siya ng batong napakabigat na hindi niya kayang buhatin?”

Ang layunin ay hindi talaga upang maunawaan ang Diyos, kundi upang ipitin ang guro sa isang kontradiksyon.

Sa gayunding diwa lumapit ang mga Pariseo kay Hesus. Itinago ng kanilang pambobola ang pagkapoot.

Gayunman, hindi sumagot si Hesus nang may galit. Sumagot siya nang may karunungan naglalantad sa kanilang kawalang-katapatan habang naghahayag ng mas malalim na katotohanan.

Madalas na kahawig ng mga bitag na ito ang ating mga usapang pampubliko! Sa politika, sa relihiyon, maging sa buhay-pamilya, may mga taong nagtatanong hindi upang tumuklas ng katotohanan kundi upang makaiskor.

Inaanyayahan tayo ng Ebanghelyo sa higit na katapatan. Maaaring gumawa ang Diyos sa tapat na paghahanap, kahit may halo itong pag-aalinlangan. Ngunit hindi makatatanggap ng katotohanan ang mga pusong sarado.

Nakaugat kay Kristo

Pinipilit din tayo ng mga salita ni Hesus na suriin ang ating budhi.

Ano ang nangyayari kapag sumasalungat ang katapatan sa Diyos sa katapatan sa lipunan?

Maraming halimbawa ang ibinibigay ng kasaysayan. Tumanggi ang mga unang Kristiyano na sumamba sa emperador at marami sa kanila ang pinatay. Sa makabagong panahon, pinili nina Dietrich Bonhoeffer, Maximilian Kolbe, Martin Luther King Jr., at ng di-mabilang na mananampalatayang hindi nabanggit ang pangalan, ang katapatan kay Kristo kaysa pagsunod sa mga di-makatarungang sistema.

Ano ang nagbigay sa kanila ng gayong lakas ng loob?

Hindi katigasan ng ulo. Hindi ideolohiya. Kundi ang malalim na pagkakaugat kay Kristo.

Pinupuri ngayon ni San Pablo ang mga taga-Tesalonica dahil sa kanilang “pananampalatayang kumikilos, gawaing may pagmamahal, at tiyaga sa pag-asa.” Ang kanilang pananampalataya ay hindi pribadong damdamin.

Hinubog nito ang kanilang pamumuhay.

Iyan ang hamon para sa atin. Hindi maaaring manatiling pagkakakilanlang pang-Linggo lamang ang Kristiyanismo habang ang natitirang bahagi ng buhay ay pag-aari ng mundo. Bawat larangan ng buhay—pamilya, politika, trabaho, pananalapi, mga relasyon, pananalita, budhi—ay pag-aari ng Diyos.

Maaaring tanggapin ni Cesar ang salapi. Ngunit tinatanggap ng Diyos ang puso.

May tanyag na kuwento tungkol kay San Tomas More, na pinatay dahil tumanggi siyang ilagay ang hari sa itaas ng Diyos. Nang tumayo siya sa patayan, ipinahayag niya: “Namamatay akong mabuting lingkod ng hari, ngunit una sa lahat ay ng Diyos.”

Ang pangungusap na iyon ay perpektong sumasaklaw sa Ebanghelyo ngayon.

Tinatawag tayong maging mabubuting mamamayan, responsableng kasapi ng lipunan, tapat na manggagawa, at tagapag-ambag sa kabutihang panlahat. Ngunit higit sa bawat katapatang makalupa ay may isang higit na dakilang katapatan.

Sapagkat hindi larawan ni Cesar ang taglay natin, kundi ang sa Diyos.

At kapag lumipas na ang mga kapangyarihan ng mundong ito, kapag nawalan na ng halaga ang mga salapi at naglaho na ang mga kaharian, isang katotohanan ang mananatili:

“Ako ang Panginoon, wala nang iba.”

Amen.

Translated by William Valdrez, Jr., Perth, WA